

## Ang Iyong Mga Karapatan at Proteksiyon Laban sa Mga Hindi Inaasahang Medikal na Singil

Kapag kumuha ka ng pang-emergency na pangangalaga o ginagamot ka ng isang provider na wala sa network sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network, protektado ka mula sa pagsingil ng balanse. Sa mga sitwasyong ito, hindi ka dapat singilin nang higit sa mga copayment, coinsurance at/o deductible ng iyong plano.

### **Ano ang "pagsingil ng balanse" (paminsan-minsan ay tinatawag na "hindi inaasahang pagsingil")?**

Kapag nagpatingin ka sa isang doktor o ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring may ilang partikular na out-of-pocket na gastusin ka na kailangang bayaran, gaya ng copayment, coinsurance o deductible. Maaaring may mga karagdagang gastusin ka o kailangan mong bayaran ang buong singil kung nagpatingin ka sa isang provider o bumibisita ka sa isang pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan na wala sa network ng iyong planong pangkalusugan.

Ang "wala sa network" ay tumutukoy sa mga provider at pasilidad na walang pinirmahang kontrata sa iyong planong pangkalusugan para magbigay ng mga serbisyo. Maaaring payagan ang mga provider na wala sa network na singilin ka para sa kaibahan sa pagitan ng binabayaran ng iyong plano at ng buong halagang sinisingil para sa serbisyo. Tinatawag itong **"pagsingil ng balanse"**. Ang halagang ito ay malamang na higit sa mga gastos sa network para sa parehong serbisyo at maaaring hindi ito mabilang sa deductible o taunang out-of-pocket na limitasyon ng iyong plano.

Ang "hindi inaasahang pagsingil" ay isang hindi inaasahang singil ng balanse. Maaari itong mangyari kapag hindi mo makontrol kung sino ang bahagi ng iyong pangangalaga – gaya kapag may emergency ka o kapag nag-iskedyul ka ng pagpatingin sa isang pasilidad sa network pero hindi inaasahang ginamot ka ng isang provider na wala sa network. Ang mga hindi inaasahang medikal na singil ay maaaring magkahalaga ng libo-libong dolyar depende sa procedure o serbisyo.

Protektado ka mula sa pagsingil ng balanse para sa:

### **Mga pang-emergency na serbisyo**

Kung mayroon kang pang-emergency na medikal na kondisyon at kumuha ka ng mga pang-emergency na serbisyo mula sa provider o pasilidad na wala sa network, ang pinakamataas na maaari nilang singilin sa iyo ay ang halaga sa pagbabahagi ng gastos sa network ng iyong plano (gaya ng mga copayment, coinsurance at deductible). **Hindi** ka maaaring singilin ng balanse para sa mga pang-emergency na serbisyo na ito. Kasama rito ang mga serbisyong maaaring makuha mo pagkatapos maging stable ng iyong kondisyon, maliban kung may nakasulat na pahintulot ka at isusuko mo ang iyong mga proteksiyon na hindi singilin ng balanse para sa mga serbisyo pagkatapos maging stable na ito.

*Dagdag sa pederal na batas, ipinagbabawal ng estado ng Florida ang pagsingil ng balanse para sa mga pang-emergency na serbisyo para sa mga indibidwal na sinasaklaw ng planong pangkalusugan na Organisasyon ng Pinipiling Provider (PPO) at Organisasyon sa Pagpapanatili ng Kalusugan (HMO) na lisensiyado sa estado ng Florida\*. Ang mga naka-insure na tao na nakatala sa mga planong pangkalusugan na HMO o PPO ay walang pananagutan para sa mga pang-emergency na serbisyo na wala sa network, maliban para sa naaangkop na mga copayment, coinsurance, at mga deductible.*

**Ilang partikular na serbisyo sa isang ospital o ambulatory surgical center na nasa network**

Kapag kumuha ka ng mga serbisyo mula sa ospital o ambulatory surgical center na nasa network, maaaring wala sa network ang ilang partikular na provider. Sa mga sitwasyong ito, ang pinakamataas na maaaring singilin sa iyo ng mga provider na iyon ay ang halaga ng pagbabahagi ng gastos sa network ng iyong plano. Nalalapat ito sa mga serbisyo sa/ng pang-emergency na paggamot, anesthesia, pathology, radiology, laboratory, neonatology, assistant na surgeon, hospitalist o intensivist. **Hindi** ka maaaring singilin ng balanse ng mga provider na ito at **hindi** nila maaaring hilingin sa iyo na isuko ang iyong mga proteksiyon na hindi singilin ng balanse.

*Ipinagbabawal din ng estado ng Florida ang lahat ng pagsingil ng balanse sa mga miyembrong saklaw ng mga HMO na lisensiyado sa Florida\*, kasama ang sa mga hindi pang-emergency na setting. Alinsunod sa batas ng Florida, ang mga naka-insure na tao na nakatalaga sa isang PPO ay hindi maaaring singilin ng balanse para sa mga serbisyo na hindi pang-emergency kung nasa pasilidad na nasa network ang naka-insure na tao pero wala siyang kakayahan o oportunidad na pumili ng kalahok na provider.*

*\*Dapat suriin ng mga indibidwal ang iyong ID card sa planong pangkalusugan para tukuyin kung lisensiyado ang iyong plano sa estado ng Florida.*

**Hindi mo kailanman kailangang isuko ang iyong mga proteksiyon mula sa pagsingil ng balanse. Hindi rin inaatas sa iyo na kumuha ng pangangalaga na wala sa network. Maaari kang pumili ng provider o pasilidad na nasa network ng iyong plano.**

Kapag hindi pinapayagan ang pagsingil ng balanse, mayroon ka rin ng mga proteksiyong ito:

- Responsable ka lang para sa pagbabayad ng iyong bahagi sa gastos (gaya ng mga copayment, coinsurance at deductible na babayaran mo sana kung nasa network ang provider o pasilidad). Direktang babayaran ng iyong planong pangkalusugan ang anumang karagdagang gastos sa mga provider at pasilidad na wala sa network.
- Sa pangkalahatan, ang iyong planong pangkalusugan ay dapat na:
  - Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyonang ito nang hindi inaatas sa iyo na paunang kumuha ng mga pag-apruba para sa mga serbisyo (kilala rin bilang "paunang awtorisasyon").
  - Saklawin ang mga pang-emergency na serbisyo ng mga provider na wala sa network.
  - Ibatay ang kailangan mong bayaran sa provider o pasilidad (pagbabahagi ng gastos) sa kung ano ang babayaran nito sa provider o pasilidad na nasa network at ipakita ang halagang iyon sa iyong paliwanag ng mga benepisyo.
  - Ibilang ang anumang halagang babayaran mo para sa mga pang-emergency na serbisyo o serbisyo na wala sa network sa iyong deductible at out-of-pocket na limitasyon sa network.

Bisitahin ang [www.cms.gov/nosurprises/consumers](http://www.cms.gov/nosurprises/consumers) para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas.

**Kung sa tingin mo ay nagkamali kang siningil, makipag-ugnayan sa:**

**Pederal na pamahalaan: 1.800.985.3059**

**Estado: 1.877.693.5236 o 850.413.3089**